

Pangkalahatang Halalan sa Batasang Konseho 2021

Gabay sa Halalan

Kaayusan ng Botohan sa Pangkalahatang Halalan sa Batasang Konseho

- Araw ng botohan: Ika-19 ng Disyembre 2021 (Linggo)
- Oras ng botohan: 8:30 a.m. hanggang 10:30 p.m. (maliban sa mga itinalagang mga istasyon ng botohan na matatagpuan sa mga bilangguan kung saan ang mga oras ng botohan ay mula 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.)

Panahon ng Nominasyon

- Panahon ng nominasyon: ika-30 ng Oktubre 2021 hanggang ika-12 ng Nobyembre 2021
- Maaaring ma-download ang mga form ng nominasyon mula sa websayt (www.reo.gov.hk) ng Registration and Electoral Office (“REO”), o makukuhang libre sa mga sumusunod na tanggapan:
 - Mga Tanggapang Pandistrito;
 - Mga Tanggapan ng mga Returning Officer; o
 - Mga tanggapan ng REO (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong o Unit 2301-03, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon)

Gabay sa Batasang Konseho

Orninansa sa Pagpapabuti ng Sistema sa Halalan 2021 (Pinagsamang Mga Pagwawasto)

Sa ika-11 ng Marso 2021 ang Pambansang Kongreso ng Sambayanan (“NPC”) ay nagpasa ang Desisyon ng Pagpapabuti sa Sistema ng Halalan ng Espesyal na Rehiyon ng Administratibo ng Hong Kong (“ang Desisyon”) at nagbigay ng kapangyarihan sa Nakatatag na Komite (Standing Committee) ng NPC (“NPCSC”) upang baguhin ang Annex I sa Pangunahing Batas sa Pamamaraan para sa Pagpili ng Punong Tagapagpaganap ng Espesyal na Rehiyong Administratibo ng Hong Kong (“HKSAR”) at ang Annex II sa Pangunahing Batas sa Pamamaraan para sa Pagbuo ng Batasang Konseho ng HKSAR at ang Mga Pamamaraan sa Pagboto. Sa ika-30 ng Marso 2021 ang NPCSC ay sumunod sa pagbabago ng Annex I at Annex II sa Pangunahing Batas. Upang ipatupad ang pinakahuling pagbabago sa Annex I at Annex II sa Pangunahing Batas, ang 2021 Ordinansa sa Pagpapabuti ng Sistema sa Halalan (Pinagsamang Mga Pagwawasto) na ipinasa ng LegCo ay inilathala sa Pahayagan at naging epektibo noong ika-31 ng Mayo 2021.

Komposisyon

Alinsunod sa Desisyon at ang Annex II sa Pangunahing Batas, ang LegCo ng HKSAR ay mabubuo ng 90 mga miyembro ay ang sumusunod:

- Mga miyembrong inihalal ng Komite ng Halalan : 40 katao
- Mga miyembrong inihalal ng Mga Konstituwensya ng Magkakaibang Industriya : 30 katao
- Mga miyembrong inihalal ng Heograpikal na Konstituwensya : 20 katao

sa pamamagitan ng direktang pagboboto

- Ang haba ng termino ng opisina ay apat na taon.

Konstituwensya ng Komite sa Halalan (“ECC”) – 40 puwesto

Nominasyon at Pagkandidato

- Lahat ng rehistradong botante ng heograpikal na konstituwensya (“GC”) edad 21 o pataas na karaniwang naninirahan sa Hong Kong ng 3 taon bago sumunod ang nominasyon ay maaaring maging nominado bilang mga kandidato, hal. ang mga kandidato ay hindi kailangan miyembro ng Komite ng Halalan (“EC”).
- Bawat kandidato ay dapat manominado ng hindi bababa sa 10, ngunit hindi hihigit sa 20, mga miyembro ng EC, kabilang ang hindi bababa sa 2 ngunit hindi hihigit sa 4 na mga miyembro mula sa bawat 5 mga sektor ng EC.
- Bawat miyembro ng EC ay maaari lamang humirang ng 1 kandidato.

Botohan

- Ang mga miyembro ng EC ay, batay sa listahan ng mga nominado, boboto gamit ang lihim na balota. Ang balota ay may bisa lamang kung ang bilang nga mga boto sa balota ay katumbas sa bilang ng mga miyembro ng ihahalal. Ang 40 mga kandidato na nakatanggap ng pinakamataas na boto ay ihahalal sa botohan.

Konstituwensya ng Magkakaibang Industriya (“FCs”) – 30 puwesto

Komposisyon at alokasyon ng puwesto sa 28 FCs

Mga FC		Puwesto	Komposisyon ng mga Botante	
			Indbidwal	Lupon
1	Heung Yee Kuk	1	✓	
2	Agrikultura at pangingsida	1		✓

3	Insurance	1		✓
4	Transportasyon	1		✓
5	Edukasyon	1	✓	
6	Ligal	1	✓	
7	Accountancy	1	✓	
8	Mga serbisyong pang medikal at pangkalusugan	1	✓	
9	Pang-inhinyero	1	✓	
10	Arkitektural, pagsusukat ng lupa, pagpaplano at landscape	1	✓	
11	Paggawa	3		✓
12	Kapakanang panlipunan	1	✓	
13	Real estate at pagtatayo	1		✓
14	Turismo	1		✓
15	Pangkalakalan (una)	1		✓
16	Pangkalakalan (ikalawa)	1		✓
17	Pangkalakalan (ikatlo)	1		✓
18	Pang-industria (una)	1		✓
19	Pang-industria (ikalawa)	1		✓
20	Pananalapi	1		✓
21	Mga serbisyong pananalapi	1		✓
22	Palakasan, sining sa pagtatanghal, kultura at paglalathala	1		✓
23	Import at export	1		✓
24	Mga tela at damit	1		✓
25	Pakyawan at tingi	1		✓
26	Teknolohiya at pagpapabago	1		✓
27	Pagkain	1		✓
28	Ang mga kinatawan ng HKSAR sa Pambansang Kongreso ng Sambayanan, mga miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng Chinese People's Political Consultative Conference ("CPPCC"), at mga kinatawan ng mga kaugnay na pambansang samahan	1	✓	
Kabuuan :		30		

Mga Paunawa:

Ang mga karapat-dapat na botante ng korporasyon ng isang FC ay binubuo ng mga institusyon, samahan, asosasyon o negosyo na kinatawan at tinukoy ng batas. Maliban kung tinukoy sa batas ng halalan ng HKSAR, ang isang asosasyon o negosyo ay maaaring maging isang botante ng korporasyon para sa isang FC lamang kung ito ay nagpapatakbo ng hindi mas mababa sa 3 taon pagkatapos makuha ang mga kaugnay na kwalipikasyon para sa FC na iyon.

Nominasyon at Pag-kandidato

- Lahat ng mga rehistradong botante ng GC edad 21 o pataas na karaniwang naninirahan sa Hong Kong ng 3 taon bago sumunod ang nominasyon; at mga rehistradong botante na nauugnay sa mga FC o may malaking koneksyon sa FC ay maaaring mahirang na kandidato.
- Ang mga kandidato ay kinakailangang tumupad sa mga sumusunod na dalawang pamantayan:
 1. Hinirang ng hindi bababa ng 10, ngunit hindi hihigit sa 20 botante ng mga kinatawan ng FC; at
 2. Hunirang ng hindi bababa sa 10, ngunit hindi hihigit sa 20 miyembro ng EC, kabilang ang hindi bababa sa 2 ngunit hindi hihigit sa 4 na miyembro mula sa bawat 5 mga sektor ng EC.
- Bawat miyembro ng EC ay maaari lamang ihirang ang 1 kandidato sa halalan ng FC bilang miyembro ng EC. Bawat rehistradong botante ng FC ay maaari lamang ihirang ang 1 kandidato sa kani-kanilang FC bilang botante ng FC (maliban sa mga botante ng FC ng Paggawa na maaaring humirang na hindi hihigit sa 3 mga kandidato).

Botohan

- Mga botante ng bawat konstituensya ay dapat maghalal ng Miyembro ng LegCo ng nauugnay na konstituensya sa lihim na balota.

Heograpikal na Konstituensya (“mga GC”)

Balangkas at Sistema ng Halalan

- Ang teritoryo ng Hong Kong ay mahahati sa 10 mga GC. Ang bawat konstituensya ay dapat maghalal ng 2 Miyembro ng LegCo. Ang 10 mga GC ay ayon sa ibaba:
 - Hong Kong Island East
 - Hong Kong Island West
 - Kowloon East
 - Kowloon West
 - Kowloon Central
 - New Territories South East
 - New Territories North
 - New Territories North West
 - New Territories South West
 - New Territories North East

Nominasyon at Pagkandidato

- Lahat ng rehistradong botante ng GC edad 21 o pataas na karaniwang naninirahan sa Hong Kong sa loob ng 3 taon bago sumunod ang nominasyon ay maaaring ihirang na mga kandidato.
- Ang mga kandidato ay dapat ipatupad ang mga sumusunod na dalawang pamantayan:
 1. Hinirang ng hindi bababa sa 100, ngunit hindi hihigit sa 200 na botante ng nauugnay na GC; at
 2. Hinirang ng hindi bababa sa 10, ngunit hindi hihigit sa 20 mga miyembro ng EC, kabilang ang hindi bababa sa 2 ngunit hindi hihigit sa 4 na miyembro mula sa bawat limang sektor ng EC.
- Bawat miyembro ng EC ay maaari lamang humirang ng 1 kandidato sa halalan ng GC bilang isang miyembro ng EC. Bawat rehistradong botante ng GC ay maaari lamang humirang ng 1 kandidato sa kani-kanilang GC bilang isang botante ng GC.

Botohan

- Ang mga botante ay maaaring pumili ng isang kandidato sa pamamagitan ng lihim na balota, at ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamataas na bilang ng boto ay ihahalal sa botohan.

Sino ang Maaaring Bumoto

- Ang rehistradong indibidwal lamang at ang mga botante ng korporasyon na ang mga pangalan ay kabilang sa Ganap na Talaan ng Mga Botante 2021 ay karapat-dapat na bumoto sa halalan, at ang mga nauugnay na talaan ay ilalathala sa ika-29 ng Oktubre 2021. Para sa ECC, ang mga miyembro lamang na ang mga pangalan ay kabilang sa pinakahuling talaan ng mga miyembro ng EC ay karapat-dapat na humirang at bumoto, at ang nauugnay na talaan ay ilalathala sa ika-22 ng Oktubre 2021.

<https://www.voterregistration.gov.hk/eng/statistic.html>

Kaayusan ng Pinagsamang Botohan

- Ang pagsasaayos ng pinagsamang botohan ay gagawin para sa kaginhawaan ng lahat ng mga botante o awtorisadong kinatawan (“mga AR”). Sa ilalim nitong kaayusan, isang miyembro ng EC / isang karapat-dapat na botante / isang AR na iboto ang lahat ng mga boto na karapat-dapat na iboto niya sa iisang istasyon ng botohan.

Saan Boboto

- Maliban sa mga botante ng ECC, ang bawat botante o AR ay itatalaga sa isang nakalaang istasyon ng botohan malapit sa adres ng kanyang tirahan na nakarehistro sa Ganap na Talaan ng Mga Botante sa abot ng magagawa. Para sa mga botante ng ECC, sila ay itatalaga sa istasyon ng botohan ng ECC.
- Ang mga botante o mga AR na nasa kustodiya ay itatalagang bumoto sa mga nakalaang istasyon ng botohan sa mga bilangguan o himpilan ng pulisya kung naaangkop.
- Ang isang kard ng botohan na nagpapakita ng impormasyon tungkol sa itinalagang istasyon ng botohan ng isang botante o AR ay ibibigay sa bawat botante o mga AR na hindi bababa sa 10 araw bago ang araw ng botohan.
- Kung ang istasyon ng botohan na inilaan sa isang botante o AR ay napupuntahan ng mga taong may natatanging pangangailangan (mga gumagamit ng wheelchair o mga taong may kahirapan sa pagkilos) ay isasaad sa mapa na kalakip ng kard ng botohan. Kung ang mga botante o mga AR na gumagamit ng wheelchair o mga taong may kahirapan sa pagkilos ay sa tingin nila na ang itinalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling puntahan, sila ay maaaring mag-apply sa REO na bumoto sa isang espesyal na istasyon ng botohan na itinalaga para sa konstituwensya kung saan siya ay may karapatang bumoto sa fax (2891 1180), sa email (reoeng@reo.gov.hk), sa telepono (2891 1001) o sa koreo (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong) ng hindi lalampas sa ika-14 ng Disyembre 2021.
- Kung ang mga botante o mga AR ay nangangailangan ng tulong sa pagsasalin ng impormasyon ng pagboto, maaari silang tumawag sa Sentro Para sa Etniko Minorya (“CHEER”) sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga hotline mula sa ika-6 hanggang ika-10 ng Disyembre 2021, at mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Disyembre 2021.

Wika	Numero ng Hotline
Bahasa Indonesia	3755 6811
Hindi	3755 6877
Nepali	3755 6822
Punjabi	3755 6844
Tagalog	3755 6855
Thai	3755 6866
Urdu	3755 6833
Vietnamese	3755 6888

Paano Bumoto

- Dalhin ang iyong orihinal na Hong Kong Identity Card (“HKID kard”) o ibang tinukoy na alternatibong (mga) dokumento (mangyaring sumangguni sa seksyon ng “(Mga) Kinakailangang Dokumento para sa Pagkuha ng (mga) Balota” sa ibaba para sa mga detalye) sa iyong nakatalagang istasyon ng botohan sa ika-19 ng Disyembre 2021 (Linggo) sa mga oras ng botohan (8:30 a.m. hanggang 10:30 p.m.) at ipakita ito sa kawani sa loob ng istasyon ng botohan. Matapos matanggap ang iyong HKID kard, hihilingin sa iyo ng kawani ng botohan na pansamantalang tanggalin ang iyong mask at magsagawa ng isang biswal na pagsusuri. Ang kawani ng botohan ay gagamit ng isang tablet na kompyuter sa sistema ng Elektronikong Talaan ng Botohan (“EPR”) para i-scan ang iyong HKID kard upang matukoy kung ikaw ay isang botante at/o AR ng nauugnay na (mga) konstituensiya, at ang bilang at (mga) uri ng (mga) balota na kung saan ikaw ay may karapatan. Pagkatapos ng pagpapatunay, ibibigay sa iyo ng kawani ng botohan ang (mga) balota at itatala sa sistema ng EPR ang pagbibigay ng (mga) balota sa iyo.
- Ang kawani ng botohan ay magbibigay ng (mga) balota ayon sa iyong karapatan, at isang cardboard na may kasamang pantatak na “✓”. Bibigyan din ng isang itim na panulat ang botante ng ECC. Pagkatapos nito, dapat agad kang tumuloy sa isa sa mga kompartimento ng botohan.
- Mangyaring sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng mga kawani ng botohan pati na rin ang mga nakalimbag sa (mga) balota, at cardboard at mga paunawa sa loob ng kompartimento ng botohan. Dapat mong markahan ang (mga) balota sa loob ng isang kompartimento ng botohan.
- Para sa mga GC/FC, gamitin mo ang pantatak na nakalakip sa cardboard upang magtatak ng “✓” sa loob ng bilog na katapat ng (mga) pangalan sa (mga) kandidato ng GC at/o FC na iyong pinili sa (mga) balota. (Ang bawat AR ng Paggawa ng FC ay maaaring pumili ng hanggang sa tatlong mga kandidato.)
- Para sa mga ECC, dapat kang bumoto sa **hindi lalampas o bababa sa 40** na kandidato sa balota. Dapat mong gamitin ang panulat na ibinigay ng istasyon ng botohan upang punan ang itim na habilog sa tapat ng pangalan ng mga kandidatong iyong napili.
- Ang bawat kompartimento ng botohan ay gagamitin ng isang botante/AR ng isang beses lamang. Batay sa mga prinsipyo ng kalayaan ng pagboto at pagkalihim ng mga boto, ipinagbabawal sa ilalim ng batas na magkaroon ng sinuman (kahit na siya ay kamag-anak ng botante o kaibigan) na sumama o tumulong sa botante sa pagboto.
- Hindi mo dapat tiklupin ang iyong (mga) balota. Pagkatapos markahan ang balota:
 - (a) dapat ipasok ng botante ng GC ang kanyang (mga) balota sa **asul** na kahon ng balota na nakaharap pababa ang minarkahang bahagi;
 - (b) dapat ipasok ng botante o AR ng FC ang kanyang balota sa **pulang** kahon ng balota na nakaharap pababa ang minarkahang bahagi; at
 - (c) maaaring piliin ng botante ng ECC ang makinang Optical Mark Recognition na inilagay sa istasyon ng botohan upang patunayan kung ang bilang ng mga kandidato na kanyang

minarkahan sa balota ay katumbas ng 40. Pagkatapos ay dapat niyang ipasok ang balota sa isang sobrang ibinigay ng istasyon ng botohan at ilagay ang balotang laman ng sobre sa **puting** kahon ng balota.

- Kung nagkamali ang botante o AR sa pagmarka ng balota o hindi sinasadyang masira ang balota, maaari niyang ibalik ang balotang iyon sa Namamahalang Opisyal (“PRO”) at humingi ng kapalit.

(Mga) Dokumentong Kinakailangan para sa Pagkuha ng (Mga) Balota

- Sa ilalim ng mga umiiral na pagsasabatas, ang taong nag-aaplay para sa (mga) balota ay dapat magpakita ang kanyang orihinal na HKID kard o ang mga sumusunod na tinukoy na (mga) dokumento:
 - orihinal na may bisang Pasaporte ng HKSAR; o
 - orihinal na Sertipiko ng Eksemasyon (Certificate of Exemption); o
 - orihinal na dokumentong patunay ng aplikasyon para sa HKID kard; o
 - orihinal na may bisang seaman’s identity book; o
 - orihinal na dokumentong may bisa ng isang tao para sa layunin ng pagkuha ng visa; o
 - isang dokumentong nagpapatunay ng ulat sa opisyal ng pulisya para sa nawala o nasirang HKID kard o Sertipiko ng Eksemasyon o ng dokumentong patunay ng aplikasyon para sa HKID kard (karaniwang tinatawag na “a memo of lost property”), kasama ang orihinal may bisang pasaporte* o katulad na dokumento sa paglalakbay (hal. isang pasaporte maliban sa pasaporte ng HKSAR o ang Home Return Permit) na nagpapakita ng kanyang pangalan at larawan.

*Ang pasaporte ng British National (Overseas) (BN(O)) ay walang bisang dokumento sa paglalakbay at patunay ng pagkakalilanlan.
- Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa Seksyon 50 ng Regulasyon ng Komisyong Panghalalan (Mga Pamamaraan ng Halalan) (Batasang Konseho) (Cap. 541D).

Espesyal na Pila para sa mga Botante o mga AR na may pangangailangan

- Ang mga botante o mga AR lamang ang pinapayagang pumasok sa isang istasyon ng botohan.
- Sa ilalim ng prinsipyong "patas at pantay na pakikitungo", ang mga botante o mga AR ay dapat pumila upang bumoto. Kapag pinaniniwalaan ng PRO na ang isang taong dumating, o naroroon, sa istasyon ng botohan upang bumoto ay kabilang sa mga sumusunod na paglalarawan, gagabayan ng PRO ang tao upang kaagad magtungo sa nakatalagang lugar o sa likod ng pila kung mayroong mahabang pila sa lugar na iyon upang mag-apply para sa balota –
 - sino ang hindi bababa sa 70 taong gulang*;
 - sino ang buntis; o

- sino, dahil sa sakit, pinsala, kapansanan o pagsalalay sa mga kasangkapan sa pagkilos, ay hindi makakapila ng mahabang oras o may kahirapan sa pagpila.

*Kabilang ang mga sumusunod na tao –

- may dokumentong nagpapakita ng taon ng kapanganakan, na walang buwan at araw ng kapanganakan, ng tao na may 70 taon bago ang taon kung kailan gaganapin ang araw ng botohan;
- may dokumentong hindi nagpapakita ng araw ng kapanganakan, ang taon ng kapanganakan ng tao na 70 taon bago ang taon kung kailan gaganapin ang botohan at ang buwan ng kapanganakan ng tao ay parehong buwan kung kailan gaganapin ang botohan.
- Magtatalaga ang PRO ng lugar na mauupuan sa loob ng istasyon ng botohan para sa mga botante o mga AR na inilarawan sa itaas upang makapagpahinga, kung kanilang nanaisin. Pagkatapos magpahinga, maaari silang pumila sa isang espesyal na pila bago patnubayan papunta sa mesang magbibigay ng balota.
- Batay sa prinsipyo ng kalayaan sa pagboto at pagkalihim ng mga boto, ipinagbabawal sa ilalim ng batas na magkaroon ng sinuman (kahit na siya ay kamag-anak ng botante o kaibigan) na sumama o tumulong sa botante o AR sa pagboto. Ang botante o AR na may kahirapan sa pagmarka ng balota na mag-isa ay maaaring, alinsunod sa batas, humiling sa PRO o sa kinatawan ng PRO upang markahan ang balota para sa kanila ayon sa kanilang kagustuhan sa pagboto, sa harap ng isang kawani ng botohan bilang saksi. Ang PRO ay pinahihintulatang magsagawa na may pag-iingat, kung naaangkop, na payagan ang mga taong sumasama na gamitin ang espesyal na pila kasama ang mga botante na may tunay na pangangailangang masamahan ng iba.
- Upang magbigay daan sa maagang pagbalik ng kawani ng botohan sa paglilingkod sa mga botante/mga AR pagkatapos bumoto, kung siya ay dumating sa itinalagang istasyon ng botohan at nakitang may mahabang pilang naghihintay sa pagpasok sa labas ng istasyon, siya ay maaaring payagang pumasok sa istasyon ng botohan para sa prayoridad na pila sa pagkuha ng balota at pagboto pagkatapos maipakita ang kanyang pagkakakilanlan bilang kawani ng botohan.

Talang-gabay sa mga Botante/mga AR

- Ayon sa Ordinansa ng Halalan (Tiwali at Iligal na gawain) (Cap. 554) na ipinatutupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian (“ICAC”), ang isang botante sa Hong Kong o sa ibang lugar ay HINDI DAPAT:
 - Inuudyuk ang sinumang tao na hindi bumoto, bumoto ng blangko o di-wastong mga boto sa pamamagitan ng pampublikong gawain sa panahon ng halalan.
 - Sadyang pumipigil at pipigilin ang ibang tao na bumoto sa isang halalan.
 - Humingi o tumanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o

- pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato o mga kandidato.
- Mag-alok ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan sa sinumang tao bilang isang paghikayat o gantimpala upang huwag bumoto sa isang halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato o mga kandidato.
- Gumamit o magbantang gumamit ng dahas o pananakot laban sa sinumang tao para hikayating bumoto o huwag bumoto sa isang halalan, o bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato.
- Hikayatin ang sinumang tao sa pamamagitan ng panlilinlang upang bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato sa isang halalan, o huwag bumoto sa isang halalan, o hadlangan o pigilan ang sinumang tao sa pagboto sa isang halalan sa pamamagitan ng panlilinlang.
- Bumoto sa isang halalan kahit na alam mong wala kang karapatang gawin ito.
- Bumoto sa isang halalan pagkatapos na sinadya o walang ingat na pagbibigay ng mali o nakalilinlang na impormasyon (hal. maling adres ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.

Ang mga sumusunod na gawain ay ipinagbabawal din sa loob ng istasyon ng botohan:

- Makipag-usap sa ibang mga botante at mga AR kabilang ang pagpapakita ng iyong boto sa balota sa iba o paggamit ng mga cellphone o anumang ibang kasangkapan para sa elektronikong komunikasyon.
- Mag-bidyo, kumuha ng mga litrato o gumawa ng anumang pag-rerekord ng audio o bidyo.
- Hilingin ang ibang mga botante at mga AR na markahan ang iyong balota. Kung kinakailangan, maaari mong, ayon sa batas, hilingin sa PRO na markahan ang iyong balota sa presensya ng opisyal ng halalan.
- Mang-abala ng ibang mga botante o mga AR na bumoboto.
- Ang ICAC ay nagtayo ng Websayt sa Malinis na Halalan at nagbibigay ng mga makabuluhang impormasyon (sa parehong Ingles at Tsino). Mangyaring bisitahin ang www.icac.org.hk/elections.

Mga hakbang laban sa epidemya bilang tugon sa COVID-19 sa mga istasyon ng botohan at pagbibilang

- Upang pigilin ang pagkalat ng COVID-19, ayon sa konsultasyon sa Kawanihan ng Pagkain at Kalusugan at sa Sentro para sa Proteksyon ng Kalusugan, gagamitin ng REO ang mga sumusunod na hakbang sa mga istasyon ng botohan at bilangan (kabilang ang Sentrong Istasyon sa Pagbibilang):

Mga istasyon ng Botohan

- Lahat ng kawani sa botohan ay kinakailangang magsuot ng mga mask at suriin ang temperatura ng katawan. Kinakailangan din silang magsuot ng mga face shield kung hindi sila protektado ng mga transparent na pamproteksyong tabing na ipapatayo sa mga mesa ng pagbibigay ng balota, mga mesa ng PRO, atbp.

- Lahat ng mga taong (kabilang ang mga bumoboto, kandidato/AR) pumapasok sa istasyon ng botohan ay kinakailangang magsuot ng tama ang kanilang mga sariling mask, suriin ang temperatura ng kanilang katawan at punasan ang kanilang mga kamay gamit ang sanitiser na nakalagay sa pasukan at paglabas ng mga istasyon ng botohan.
- Ang mga elektronikong termometro ay itinayo sa lahat ng mga istasyon ng botohan upang surin ang temperatura ng katawan ng mga bumoboto, kandidato at AR sa kanilang pagdating sa mga istasyon ng botohan.
- Ang kawani sa botohan na may lagnat o mga sintomas ng sakit sa panghinga, o biglang pagkawala ng panlasa/amoy ay hindi papayagang gumanap ng mga tungkulin sa botohan habang ang mga kandidato/AR ay hindi papayagang pumasok sa mga istasyon ng botohan ngunit ang mga kandidato ay maaaring magtalaga ng ibang kinatawan upang obserbahan ang botohan.
- Ang mga bumobotong may lagnat o sintomas ng sakit sa panghinga o biglang pagkawala ng panlasa/amoy ay papupuntahin sa mga itinalagang kompartimento sa mga istasyon ng botohan.
- Mga hinahawakang paskil at sinyales na nagpapaalala sa mga bumoboto upang panatilihin ang social distance ang ipapaskil sa mga istasyon ng botohan.

Mga Istasyon ng Bilangan (kabilang ang Pangunahing Istasyon ng Bilangan¹)

- Ang lahat ng mga kawani ng mga istasyon ng bilangan (kabilang ang Pangunahing Istasyon ng Bilangan) ay kinakailangang magsuot ng mga mask at guwantes. Lalagyan din ng mga transparent na pamproteksyong tabing sa mga counter ng Pagrerehistro at Katanungan ng Pangunahing Istasyon ng Bilangan. Ang mga panukalang social distancing ay mahigpit na ipapatupad sa Sentro ng Pagsasahimpapawid na may itinakdang pinakamataas na kapasidad para sa mga pampublikong galeriya.
- Ang kawani ng bilangan na may lagnat o sintomas sa sakit sa panghinga, o biglang pagkawala ng panlasa/amoy ay hindi papayagang makagawa ng mga tungkulin sa bilangan.
- Ang mga elektronikong panukat ng temperatura ay nakalagay sa bawat istasyon ng bilangan (kabilang ang Pangunahing Istasyon ng Bilangan) upang suriin ang temperatura ng katawan ng mga botante, mga kandidato/AR upang malaman ang mga taong may lagnat. Sinumang taong may lagnat o sintomas sa sakit sa panghinga, o biglang pagkawala ng panlasa/amoy ay hindi pinapayagan na pumasok sa mga istasyon ng pagbibilang. Kung ang mga kandidato/AR ay may lagnat o sintomas sa

¹ Ang mga iminungkahing hakbang sa kaligtasan para sa Pangunahing Istasyon ng Bilangan ay gagamitin din para sa Sentro ng Pagsasahimpapawid. sakit sa panghinga, o biglaang pagkawala ng panlasa/amoy, maaaring pahintulutan ng mga kandidato ang isa pang kinatawan na obserbahan ang bilangan.

- Ang mga hand sanitiser ay ibibigay sa loob ng mga istasyon ng bilangan (kabilang ang Pangunahing Istasyon ng Bilangan).

- Aayusin ng REO ang Hong Kong Convention at Exhibition Center na gumamit ng nilusaw na bleach upang disimpektahin ang mga hindi metal na kasangkapan sa ibabaw ng Pangunahing Istasyon ng Bilangan bago buksan ang Istasyon (tulad ng mga mesa ng bilangan, counter sa reception, upuan, atbp.).